BALIK-ARAL

PAGBABASA

LUGAW

Isa sa paborito kong meryenda ang Lugaw.

Nagpupunta kami nina Ate Iya at Nanay sa lugawan. Goto ang parating binibili ni Ate Iya. Ang paborito naman ni Nanay ay Arroz Caldo. Paiba-iba naman ang gusto ko.

Ngayon ay simpleng Lugaw lang ang akin.

Panuto: Hanapin ang kahulugan ng mga salita. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____ 1. Lugaw	a. oras ng pagkain pagkatapos ng tanghalian at bago ang hapunan
_____ 2. Arroz Caldo	b. lagi
_____ 3. meryenda	c. lugaw na may manok at luya
_____ 4. paborito	d. gustong-gusto
_____ 5. parati	e. pinakuluang bigas

Panuto: Ano-ano ang pagkakasunod-sunod ng kwento? Isulat ang bilang 1-4 sa patlang.

_____ paborito ni Nanay ang arroz caldo

_____ simpleng lugaw muna ang binili ko

_____ pumunta kami nina Ate Iya at Nanay sa lugawan

_____ bumili ng Goto si Ate Iya